

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Isinunod ng Lungsod ng Brampton ang bagong pangalan ng South Fletcher's Sportsplex kay dating Mayor Susan Fennell

BRAMPTON, ON (Setyembre 14, 2021) – Sa panahon ng seremonya na idinaos sa araw na ito, si Mayor Patrick Brown at ang Wards 3 & 4 Rehiyonal at Panlungsod na mga Konsehal, sina Martin Medeiros at Jeff Bowman, ay pormal na muling pinangalanan ang South Fletcher's Sportsplex bilang parangal kay dating Mayor Susan Fennell.

Ang Sportsplex ay orihinal na nagbukas noong Setyembre 28, 1997, nag-aalok ng sari-saring registered at drop-in na paglalangoy, skating, mga programa sa sports at fitness, pati na rin ang registered na pagsasayaw, STEM at mga programa para sa bata at kabataan.

Inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang Susan Fennell Sportsplex na bagong pangalan noong Setyembre 30, 2020. Ang mosyon na ito ay pinanukala ni Rehiyonal na Konsehal na si Martin Medeiros at pinangalawahan ng mga Rehiyonal na Konsehal na sina Michael Palleschi, Paul Vicente, Pat Fortini at Rowena Santos.

Tungkol kay Susan Fennell

Si Susan Fennell ay naglingkod sa Konseho ng Lungsod ng Brampton mula 1988 hanggang 2014. Sa loob ng panahong ito, siya ay instrumento sa pagsasabuhay sa South Fletcher's Sportsplex, at nasa ilalim ng kanyang liderato na ang ilan sa pinaka-iconic na mga proyekto ng Lungsod ay natapos, kabilang ang The Rose Theatre, Flower City Community Campus at Seniors Centre, Cassie Campbell Community Centre, Brampton Soccer Centre, Gore Meadows Community Centre, at pag-renovate at pagsamoderno sa Century Gardens Recreation Centre at Chinguacousy Park.

Ginampanan niya ang pangunahing papel sa pagsisikap ng Lungsod ng Brampton na nag-secure sa \$200 milyon na katumbas ng pondo ng pederal at lalawigan para gawing katotohanan ang programang Züm Bus Rapid Transit ng Brampton, at matagumpay na nagtaguyod para sa may diskwentong mga pamasaha para sa mga senior at mga beterano. Pinamunuan din niya ang pag-develop ng una sa uri nito na planning framework para sa mga lugar na dasalan, tumulong sa pag-develop sa Brampton bilang isa sa pinaka-dynamic na mga komunidad na may maramihang pananampalataya sa Canada. Itinaguyod ni Fennell ang pagpreserba ng heritage, gumanap ng personal na papel sa pagligtas sa Alderlea, sa The Kenneth Chisholm Mansion, mula sa demolisyon. Sa panahon ng kanyang administrasyon, mas maraming mga gusaling heritage ang itinalaga kaysa nakalipas na 25 taon.

Ang Susan Fennell Sportsplex, na matatagpuan sa 500 Ray Lawson Blvd., ay magiigng unang zero-carbon na gusali ng Lungsod ng Brampton, bilang bahagi ng plano na dagdagan ang komponent ng bago at umiiral na mga pasilidad.

Tungkol sa pagdagdag ng komponent sa Susan Fennell Sportsplex

Noong 2019, inilathala ng Lungsod ng Brampton ang Energy at Emission management plan 2019-2024 nito: transisyon sa zero-carbon. Sa ilalim ng plano, ginamit ng Lungsod ang panlalawigan at pampederal na Green House Gas (GHG) emissions reduction targets na 30 porsiyento sa 2030 at 80 porsiyento sa 2050.

Karamihan sa mga panlibangang pasilidad ng Brampton ay nabibilang sa halos 50 porsiyento ng taunang GHG emissions ng Lungsod. Ang Susan Fennell Sportsplex ay napili para sa pagdagdag ng komponent dahil ang pasilidad ay naglalabas ng mataas na GHG emissions. Karamihan sa malalaking kasangkapan sa pasilidad ay nasa dulo na ng inaasahang kapaki-pakinabang na buhay. Gamit ang 2019 utility data, pinapasyahan na ang pasilidad ay naglalabas ng tinatayang 1,100 tonelada ng CO₂ taon-taon, na katumbas ng emissions na nalikha ng mga 238-pasahero na mga sasakyan.

Ang isang feasibility study ay nakumpleto noong Setyembre 2020 sa pasilidad, na kinabibilangan ng mga pagbabago para sa kinailangang transisyon sa zero-carbon. Ang una sa tatlong yugtong proyekto ay inaprubahan ng Konseho ng Lungsod noong Abril 2021 at ang Hiling para sa mga Panukala ay inilathala noong Agosto 2021.

Mga Quote

“Proud akong kilalanin si dating Mayor Susan Fennell at ang kanyang debosyon na gawing mas magandang lugar ang Brampton para tirhan, pagtrabahuan at paglaruan ng lahat, Sa loob ng 26 na taon ng paglilingkod niya sa Konseho ng Lungsod ng Brampton, siya ay instrumento sa pagsasabuhay sa Sportsplex, kasama ang maraming iconic na mga proyekto na mahalaga sa ating komunidad ngayon, at para sa mga henerasyon na darating.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nakamit ni dating Mayor Susan Fennell ang maraming tagumpay sa kanyang panahon sa Konseho ng Lungsod. Sa loob ng kanyang panunungkulan, ang Brampton ay naging walang utang at nabigyan ng Triple AAA Credit Rating. Nag-iwan siya ng tunay na legacy at nakagawa ng kaibahan sa ating lungsod, at excited tayong parangalan ang kanyang mga kontribusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagpapangalan sa kanya sa isang pasilidad.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Bukod pa sa pagpapangalan ng Susan Fennell Sportsplex, nararapat lamang na ang pasilidad na ito ay magiging unang zero-carbon na gusali sa Lungsod ng Brampton bilang bahagi ng ating plano na dagdagan ng komponent ang bago at umiiral na mga pasilidad. Gumanap din ng mahalagang papel si Dating Mayor Fennell sa pagdadala sa Women’s Hockey sa Lungsod na ito at sa paglago at patuloy na pag-unlad ng isport sa Brampton.”

- *Jeff Bowman, Konsehal ng Lungsod, Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Labis kong ikinararangal ang pagkilalang ito, Ang Susan Fennell Sportsplex ay napakahalaga sa akin dahil ito ang unang nakumpleto, bagong Centre ng komunidad sa ward na kinatawan ko bilang Alderman at Rehiyonal na Konsehal, at matagumpay kong naitaguyod ang pagpapalaki sa orihinal na disenyo mula sa simple, “cookie cutter” na pasilidad na may isang rink at isang silid ng komunidad papunta sa 4 na rink na pasilidad, na may pool ng komunidad, gym at library. Nagpapasalamat ako sa Mayor at sa Konseho para sa karangalan na ito.”

- *Susan Fennell, dating Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Mahalagang kilalanin natin ang mga indibidwal na nakagawa ng mahalagang mga kontribusyon sa Lungsod ng Brampton. Ikinagagalak natin na pormal na pangalanan itong mahalagang center na Susan Fennell Sportsplex. Nagpapatuloy ang trabaho para i-update ang karatula at inaasam natin ang huling resulta.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca